*Mayo 8*

## PAGSIPOT NI SAN MIGUEL ARCANGEL SA YUNGIB SA BUNDOK GARAGANO

*Doblemayor • Puti*

*Ang pista na ito'y naiiba ang antas ng pagdiriwang sa bawat parokya, simbahan, o diosesis sa bansang Pilipinas. Ang Misa ay mula sa* Misa ni San Miguel Arcangel, sa ika-29 ng Setyembre "Benedicite."

*Mayo 9*

## SAN GREGORIO NANDIANULO

*III cl. • Doble • Puti*

*Mula sa* Para sa mga Pantas ng Iglesia, "In médio Ecclesiæ," *maliban sa Pagbasa, na kukunin mula sa mapipiling pagbasa mula sa Aklat ng Karunungan, Sirac 39:6-14 "Ang matuwid na tao'y…"*

*Mayo 10*

## SAN ANTONINO
## Obispo at Kumpesor

*III cl • Doble • Puti*

*Mula sa* Para sa Confesor na Obispo "Státuit ei," *maliban sa sumusunod:*

### PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

| | |
|---|---|
| **SANCTI** Antoníni, Dómine, Confessóris tui atque Pontíficis méritis adjuvémur: ut, sicut te in illo mirábilem prædicámus, ita in nos misericórdem fuísse gloriémur. Per Dóminum. | **O PANGINOON**, matulungan nawa kami ng mga karapatan ng iyong banal na Obispo at Kumpesor San Antonio: at sa aming pagpupuri sa Iyong mga kagandahang ginawa sa pamamagitan niya, ay siya nawang bumuhos sa amin ang Iyong 'di masayod na awa't habag. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristong Panginoon namin… |

*Ang Kolekta, Panalangin Ukol sa mga Alay, at Panalangin Matapos ang Komuunyon sa paggunita sa araw na ito kina San Gordian at Epimaco:*

### PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

| | |
|---|---|
| **DA,** quǽsumus, omnípotens Deus: ut, qui beatórum Mártyrum tuórum Gordiáni et Epimachi sollémnia cólimus, eórum apud te intercessiónibus adjuvémur. Per Dóminum. | **IPAGKALOOB MO**, hinihiling namin, O Dios na makapangyarihan: upang kaming ipinagpipistang dakila ang iyong mga banal na Martir na sina Gordiano at Epimaco, nawa'y sa pamamagitan nila'y matulungan kami sa buhay na ito. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristong Panginoon namin… |

### PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

| | |
|---|---|
| **HOSTIAS** tibi, Dómine, beatórum Martyrum tuórum Gordiáni et Epimáchi dicátas méritis, benígnus assúme: et ad perpétuum nobis tríbue proveníre subsídium. Per Dóminum. | **TANGGAPIN** Mo, Panginoon, hinihiling namin, ang aming mga alay na inihahandog parangal sa pista ng iyong mga banal na Martir na sina Gordiano at Epimaco: at sa bisa nito'y maipagkaloob sa amin ang panghabang-buhay na tulong. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristong Panginoon namin… |

### PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

| | |
|---|---|
| **QUÆSUMUS,** omnípotens Deus: ut, qui cœléstia aliménta percépimus, intercedéntibus sanctis Martýribus tuis Gordiáno et Epímacho, per hæc contra ómnia advérsa muniámur. Per Dóminum. | **ISINASAMO** namin, O Dios na makapangyarihan, upang kaming tumanggap nitong makalangit na lunas ay maipagsanggalang Mo, pakundangan sa iyong mga banal na Martir Gordiano at Epimaco, mula sa lahat ng kapahamakan. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristong Panginoon namin… |

**Hermandad de la Sagrada Eucaristia**
**Latin Mass Society of Cavite**
*Comision Para sa Pagsasalin*